**MELC: Nasasagot ang mga tanong sa mga kwentong nabasa o napakingan.**



## I. TUNGKOL SAAN ANG MODYUL NA ITO?

Kamusta mga bata? Ang modyul na ito ay aking inihanda upang masagot mo ang mga tanong sa mga talatang iyong nabasa o napakinggan. May mga gawain akong inihanda para sa iyo. Handa ka na ba?

## II. ANO ANG IYONG NALALAMAN?

Basahin ang maikling kuwento. Sagutan ang gawain sa ibaba.

**Panuto: Basahin ang maikling kwento sa ibaba.**
**Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.**

**Ang Palaka**



Ang bukid ay malawak.
Maraming palaka sa bukid.
Tuwing tag-ulan, sila ay masaya.
Masayang lumulundag sa putikan.

_________ 1. Ano ang pamagat ng maikling kwento?
a. Ang Palaka  b. Ang Ilog

_________ 2. Ano ang nasa bukid?
a. dagang bukid  b. palaka

_________ 3. Saan makikita ang mga palaka?
a. bukid  b. ilog

*Prepared by:*
*Ms. Fernandez*

_________ 4. Ano ang ginagawa ng palaka tuwing tag-ulan?
   a. Naglalaro sa putikan.
   b. Masayang lumulundag sa putikan.

_________ 5. Bakit masaya ang mga palaka tuwing tag-ulan?
   a. Makakapaglaro sila.
   b. Makakapaligo sila.



Naisulat mo ba ang titik ng tamang sagot sa patlang? Magaling! Ngayon naman, alamin natin kung ano pa ang mga dapat mong matutunan sa ating aralin.



## III. ANO ANG DAPAT MONG MALAMAN?

***Mahalagang unawain mo ang bahagi o elemento ng maikling kwento. Ang tauhan ang nagbibigay-buhay sa maikling kwento. Ang tagpuan ay panahon o lugar kung saan nangyari ang kwento. Ang banghay ay ang pagkakasunod sunod ng pangyayari sa kwento.***

***Prepared by:***
***Ms. Fernandez***



**IV. SUBUKAN NATIN**

Ngayong alam mo na kung ano ang bahagi ng isang kwento, magsanay pa tayo.

Halika na! Sagutan mo ng buong husay ang araling ito.

*Basahin ang mga maiikling kwento sa ibaba.*
*Bilugan mo ang titik ng tamang sagot.*

## Ang Mga Bata

Ang mga bata ay nasa sapa. May dalang timba at tabo ang mga bata. Kasama ng mga bata ang kanilang mga alaga. Sila ay masayang nagtampisaw sa sapa kasama ang kanilang mga alaga.


*Tanong:*
*Piliin ang titik ng tamang sagot.*

1. Ano ang pamagat ng maikling kwento?
   a. Ang Mga Alaga
   b. Ang Mga Bata
2. Nasaan ang mga bata?
   a. sa sapa    b. sa batis
3. Ano ginagawa ng mga bata sa sapa?
   a. naligo    b. Nagtampisaw
4. Sino ang kasama ng mga bata sa sapa?
   a. mga magulang    b. Mga alaga
5. Ano ang kanilang pakiramdam habang nagtatampisaw sa sapa?
   a. masaya    b. Malungkot

***Prepared by:***
***Ms. Fernandez***

Basahin ang maikling kwento sa ibaba.

*Sagutin ng pasalita ang mga katanungan sa ibaba*



**Ang Kubo**

May kubo si Tatay Lito. Nasa tabi ng ilog ang kubo. May puno sa tabi ng kubo. Tatlo ang puno. Mangga, bayabas at santol ang mga puno. May kamatis at kalabasa pa sa tabi ng kubo. Masaya si Tatay Lito sa kanyang munting kubo.

Sagutin ang mga tanong:

1. Sino ang may kubo?
2. Saan matatagpuan ang kaniyang kubo?
3. Ano ang mga puno sa tabi ng kubo?
4. Ilan ang puno sa tabi ng kubo?
5. Anu-ano ang kaniyang mga tanim na gulay at prutas?

***Prepared by:***
***Ms. Fernandez***

## V. ISAISIP

Magandang magbasa ng mga kwento. Madami tayong matutunan at mapupulot na aral sa pagbabasa. Ugaliin mong  magbasa parati. Malaki ang maitutulong ng pagbabasa sa ating pag-aaral.

Habang nagbabasa ng kwento, tandaan mo ang mga bagay na ito:

Ang **tauhan** ang nagbibigay - buhay sa kwento. Ang **tagpuan** o lugar ay  kung saan nangyari ang kwento. Ang **panahon** ay kung kailan nangyari ang kwento. Ang **banghay** ang pagkasunod-sunod ng pangyayari sa kwento.

## VI. ISAGAWA

Bago ka  matapos sa leksiyon ngayong araw, halika subukan mong gawin ito.

Basahin ang maikling kwento. Sagutin ang mga tanong sa ibaba.

### Ang Mga Magkakapatid

Habang naghahapunan kagabi, hindi sinasadyang nabasag ni Mark ang baso. Agad na inilayo ni kuya Roy si Mark sa mga bubog. Nagmamadali naman si Ana na kumuha ng tambo, pandakot at basahan upang malinis agad ang kalat. Nakita nina Nanay at Tatay ang maganda nilang ginawa. Nasiyahan sila sa pagtutulungan ng magkakapatid.

1. Ano ang pamagat ng kwentong binasa? ________________________________________________
2. Saan naganap ang kwento? ___________________________
3. Sino ang nakabasag ng baso? ________________________
4. Ano ang ginawa ni kuya Roy at Ana kay Mark?

***Prepared by:***
***Ms. Fernandez***

______________________________________________________

5. Ano ang naramdaman ng kanilang nanay at tatay nang makita ang kanilang ginawa? Bakit?
_______________________________________________________________
_________________________________________________

**Nagustuhan mo ba ang mga kwento sa aralin ngayon? Ipagpatuloy mo ang iyong pagbabasa ng kwento.**

**Magkita tayo muli sa susunond na aralin!**

**Inihanda ni:**

**Ms. Fernandez**

***Prepared by:***
***Ms. Fernandez***